

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 7, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Inanunsyo ng Lungsod ang Kahilingan para sa Mga Panukala para sa Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Komunidad

***Hiniling sa Mga Nonprofit at For-Profit na Mga Organisasyong
Nakabase sa Komunidad na Magsumite ng Mga Aplikasyon bago mag
Oktubre 18***

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay naghahanap ng mga panukala para sa mga nonprofit at for-profit na mga organisasyon na nakabase sa komunidad upang makisosyo sa Lungsod upang magbigay ng mga rekurso at serbisyo sa mga komunidad na apektado ng COVID-19 pandemya. Ang Lungsod ay mag-iisyu ng kabuuang pagpopondo na \$1,445,000 sa Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act sa ilang piling organisasyon.

“Ang mga non-profit na organisasyon ay naghatid ng mga pagkain, nagbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin ng wika at tumulong sa napakarami sa aming komunidad na makamit ang mga pangunahing pangangailangan sa panahon ng pandemya na ito,” sabi ni Mayor Rober Garcia. “Ang pondo ng CARES Act na natanggap namin mula kay Gobernador Newsom noong tag-init ay makakatulong na ipagpatuloy ang mahalagang gawaing ito.”

Ang mga karapat-dapat na organisasyon ay maaaring mag-aplay para sa pagpopondo upang magbigay ng direktang mga serbisyo sa mga komunidad na nangangailangan, kabilang ang mga komunidad na mababang kita, mga komunidad na may kulay at mga nakatatanda, sa pamamagitan ng Lungsod ng Long Beach Vendor Portal, [PlanetBids](#), ng 11:59 p.m. sa Linggo, Oktubre 18.

Ang Lungsod ay nakatanggap ng \$40 milyon sa pagpopondo ng CARES Act upang suportahan ang kaginhawahan at paggaling at katatagan ng komunidad. Noong nakaraang buwan, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay [naglaan ng pondo ng CARES Act](#) upang suportahan ang ilang mga mahalagang aktibidad at programa sa komunidad, kabilang ang:

- Nonprofit na tulong at direktang serbisyo
- Kalusugan ng kaisipan at mga pagsisikap sa karahasan sa tahanan
- Mga serbisyo sa pangunahing pangangailangan
- Mga serbisyo para sa nakatatanda

Ang mga saklaw ng proyekto na nauugnay sa bawat isa sa apat na mga lugar ay inilarawan sa ibaba. Maramihang mga kontrata ay igagawad para sa bawat isa.

Nonprofit na Tulong at Mga Direktang Serbisyo

Ang COVID-19 ay desproporsyonadong nakaapekto ng mga residente ng Itim at Latinx at nakaapekto ng malaki sa iba pang mga komunidad na may kulay sa Long Beach. Habang ang mga Afrikan Amerikano ay bumubuo ng 12% ng populasyon ng Long Beach, bumubuo sila ng 16% sa mga namatay mula sa COVID-19 sa Long Beach. Mahigit sa 45% ng mga na-diagnose na may COVID-19 ay Latinx. At higit sa 125,000 (halos 27%) ang mga residente ng Long Beach ay mga imigrante, marami sa kanila ay maaaring mag-atubiling humingi ng pagsusuri o pangangalaga sa COVID-19.

Hangad ng Lungsod na makipagsosyo sa mga nonprofit na organisasyon na nakikipag-ugnayan sa mga madlang tao at nagbibigay ng direktang mga serbisyo. Ang mga nonprofit na ahensiya na nagsisilbi sa mga populasyon sa interseksyon ng lahi/etnisidad at kasarian, ang katayuan sa kakayahan at edad ay hinihimok na mag-aplay.

Kalusugan sa Kaisipan at Mga Pagsisikap sa Karahasan sa Tahanan

Pinalala ng COVID-19 ang mga kondisyon para sa mga taong dati nang nabubuhay na may diagnosis sa kalusugan ng isip; maraming residente ng Long Beach ang nakikipagpunyagi sa kawalan ng katiyakan, trauma at pagkabalisa. Bukod dito, ang COVID-19 ay disproporsyonadong nakakaapekto sa mga pamilyang nakakaranas ng karahasan sa tahanan. Ang mga stressor na sumabay sa COVID-19 ay nagresulta sa isang 15% na pagtaas sa mga tawag sa Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach upang tumugon sa karahasan sa bahay.

Hangad ng Lungsod na makipagsosyo sa mga ahensiya na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga nakaligtas sa pang-aabuso sa tahanan upang mapabuti ang pag-access sa payo sa kalusugang pangkaisipan, mga voucher ng emerhensiyang pabahay at tulong sa kanlungan para sa mga biktima o nakaligtas sa karahasan sa tahanan/interpersonal. Ang mga nonprofit na organisasyon na nagbibigay ng mga referral sa naturang mga ahensiya ay karapat-dapat din na mag-aplay.

Mga Serbisyo sa Pangunahing Pangangailangan

Ang Lungsod ay interesado sa pagpapalawak ng Linya ng Rekurso para sa Mas Nakatatanda (opsyon 5 para sa mga taong tumatawag sa 562.570.INFO) sa isang linya ng rekurso para sa buong lungsod. Ang labis na layunin ng Linya ng Rekurso ng Long Beach ay upang matiyak na ang mga residente ng Long Beach na naapektuhan ng COVID-19, lalo na ang mga naninirahan sa mga komunidad na pinaka-apektado ng birus, ay may mga pagkakataong makakonekta sa mga serbisyo sa suporta at mga rekurso na kinakailangan upang mapanaliti ang kanilang kalusugan at kabutihan sa panahon ng pandemya.

Hangad ng Lungsod na makipagtulungan sa mga kasosyo sa nonprofit na serbisyo upang mapalawak ang linya para sa Mas Nakatatanda sa isang linya ng rekurso upang ikonekta ang mga residente na naapektuhan ng COVID-19 na anumang edad sa mga rekurso na kinakailangan nila. Magbibigay ang mga napiling organisasyon ng pag-navigate sa kaso, suporta sa tawag sa Linya ng Rekurso sa Long Beach at magbibigay ng pamamahala ng kaso sa mga tumatawag na may mga kumplikadong pangangailangan.

Mga Serbisyo para sa Mga Nakatatanda

Naglaan ang Lungsod ng mga pondo upang matiyak na ang mga nakatatanda ay mayroong mga serbisyong suporta at mga kagamitan na kinakailangan upang mapanatili ang kanilang kalusugan at kagalingan sa panahon ng COVID-19 pandemya. Ang mga karapat-dapat na organisasyon ay hinihikayat na mag-aplay sa maraming mga lugar na nakahanay sa kanilang kasalukuyang trabaho at kapasidad. Kasama sa mga saklaw na lugar: pagdaragdag ng pag-access sa mga suporta sa pagpapalamig sa bahay upang labanan ang matinding init; pagsasagawa ng outreach at edukasyon sa komunidad; at pagbibigay ng mga programa at serbisyo upang mabawasan ang paghihiwalay sa lipunan o kalungkutan. Ang mga panukala ay dapat na partikular na magsisilbi sa mga nakatatanda na edad 60 at pataas sa Long Beach.

Ang mga detalyeng nauugnay sa mga saklaw na lugar, mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at mga tagubilin sa pagsusumite ay makikita sa [PlanetBids](#).

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay patuloy na gumagawa ng mga estratehiya upang suportahan ang mga segment ng kominidad na apektado ng COVID-19 pandemya at maglalabas ng karagdagang mga kahilingan para sa mga panukalang pinondohan ng dolyar ng CARES Act upang mapalago ang mga pagsisikap na iyon.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligatas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###